

SALIN NG ISIP, BIGKAS NG BIBIG:

Mga Karanasan ng Isang Interpreter

Leticia C. Pagkalinawan

Napakahirap at nakapapagod ang pagiging interpreter sa korte. Kailangan ng matinding konsentrasyon at talas ng pandinig at pandama. Matinding pagkakamali ang maaaring ibunga ng sandaling pagkakalingat, na maaaring ikapahamak ng kliyente o kaya'y ng mismong interpreter.

May ilang kaso na rin ang naitala sa Amerika tungkol sa mga Pilipinong napahamak dahil sa maling pagsasalin sa Filipino ng interpreter. Nakulong o kaya'y napagmulta ng malaking halaga dahil lamang sa nagkabali-baligtad na pahayag. Malaki ang bayad sa interpreter. Bawat oras ay binibilang at bawat oras ay katumbas ng maraming dolyar, may kasamang pakain at hatid-sundo pa ng magandang kotse. Kaya lang, kahit kulang sa karanasan at pagsasanay, may mga interpreter na sa halip na mapawalang-sala ang tinutulungang nasasakdal, ay lalo lamang nababaon sa pagkakamali ang kawawang kliyente. Magkagayon man, may bayad pa rin ang nagkukunwaring mahusay na interpreter kahit nakulong ang pobreng kliyente.

Subalit hindi roon natatapos ang trabaho ng interpreter. Minsan, muling nabuksan ang kaso at dahil lahat ng usapan ay nairekord, nasuri ang mga pahayag ng interpreter at natuklasan na maraming mali sa kanyang mga sinabi. Dahil doo'y nakakita ng butas na magpapawalang-sala sa nasasakdal. Sa bandang huli, nakalabas ito sa kulungan ngunit ang interpreter naman ang nakulong. At ang drama sa korte ay nagwakas sa paghahanap ng abogadong magtatanggol sa nagmamagaling na interpreter, at lahat ng dolyar na kinita niya'y napunta lamang sa abogado na ang trabaho'y katulad din niya.... bawat oras ay binibilang, at bawat oras ay katumbas ng maraming dolyar.

Gaya ng nasabi na, hindi madaling gawain ang maging interpreter sa korte. Kagaya rin ito ng doktor o abogado, na sa kaunting pagkakamali, maaaring buhay ang maging kapalit o kaya'y magandang kinabukasan ang tuluyang maglaho. Subalit sa kabila ng pagiging delikado ng trabahong ito, marami pa ring nagpupumilit na makapasok sa ganitong gawain. Ito kasi ang pinakamadaling trabaho na maaaring mapasukan ng mga Pilipino lalo na yaong mga bagong salta sa Amerika. Marami sa mga Pilipinong dumating sa lupain ni Uncle Sam ang nabigo sa inaasahang buhay sa Amerika. Taliwas sa kanilang akala, mas mahirap mamuhay sa Amerika, at higit na mahirap maghanap ng mapapasukan. Kaya kahit titulado, napipilitan silang pasukin ang kahit anong uri ng trabaho. Naroong magdyanitor sa mga opisina o anumang establisyemento, maging tindera o cashier sa mga grocery at malls, o kaya'y weytres sa mga restroran at fastfood, maging hardinero, kargador, tagaluto, at pati na ang pagpapalakad sa aso ay inaaplayan na rin para lamang makaraos sa mga pang-araw-

araw na pangangailangan. Habang siya'y naghihirap sa Amerika, patuloy pa rin siyang pinag-uusapan ng mga kaanak at mga kaibigan sa Pilipinas, kinainggitan nila ang magandang suwerteng sinapit daw ng naturang migrante sa Amerika.

Masuwerte ang isang Pinoy kung matatas siyang magsalita ng Ingles. Madali siyang makapapasok bilang transleytor o kaya'y interpreter. At hindi rin niya kailangang iwan ang kanyang trabaho dahil hindi naman regular ang pagiging interpreter o transleytor. Part-time job pero madalas mas malaki pa ang kita kaysa sa regular na trabaho. At kung minsan, puwede pang mailibre sa pagbabayad ng buwis sa gobyerno. Bagamat marami sa mga transleytor at interpreter na Pinoy ang kulang sa pagsasanay at karanasan, nakapapasok pa rin sila sa larangang ito. *In demand* kasi ang ganitong trabaho sa Amerika lalo na sa California, Hawaii, at Las Vegas, kung saan malaki ang bilang ng populasyon ng mga Pilipino. Higit na nangangailangan ng maraming interpreter at transleytor sa mga lugar na ito. Bukod pa roon, higit ding malaki ang bayad o *professional fee* ng mga interpreter dito. At kung *certified* ang interpreter, mas malaki ang kikitain niya dahil mas marami ang hihiling ng kanyang serbisyo. Kaya nga marami sa kanila ang namumuhunan muna, nagbabayad ng malaking halaga, at naglalaan ng oras sa pagdalo sa mga *training* dahil ang kapalit naman nito ay maraming dolyar. Bawat oras ay may katumbas na hindi bababa sa 80 hanggang 200 dolyar at kung minsa'y mahigit pa roon, depende sa bigat at dami ng trabaho.

Hindi lamang sa korte nangangailangan ng interpreter o transleytor sa Amerika, halos lahat ng ahensiya, pribado man o publiko, ay may bakante para sa mga interpreter at transleytor gaya sa mga institusyong pang-edukasyon, ospital, parmasya, simbahan, lalo na sa militar. Taon-taon, laging naghahanap ang Defense Language Institute o DLI ng mga Pilipinong magtuturo ng Tagalog o Filipino sa mga sundalo. Kahit walang gaanong karanasan sa pagtuturo ng Tagalog o Filipino, bukas-kamay nilang tinatanggap basta *native-speaker* lamang ng naturang wika. Bukod sa malaking pasuweldo, sagana rin sila sa magagandang benepisyo mula sa pamahalaang Amerika.

Ngunit hindi lamang pagtuturo ng Tagalog ang trabaho ng mga gurong ito. Marami sa kanila ay ginagamit ding transleytor ng maseselang dokumento at interpreter ng mga usaping militar. Magandang oportunidad ito para sa magandang buhay at magandang kinabukasan para mga anak. At dahil ahensiya ng gobyerno, maaari pang mapadali ang pag-aaplay nila bilang American citizen. Hindi lamang magandang kapalaran para sa buong mag-anak, maaari ring maambunan ng suwerte ang iba pang malalapit na kaanak. Dahil dito'y maaari pa niyang madala ang mga ito sa Amerika. Kaya hindi kataka-takang maraming Pilipino ang nangangarap at nagpupumilit na maging guro ng Tagalog sa DLI, sa kabila ng katotohanan na ang prestihiyosong gawaing ito ay may bahid pagtataksil sa bayan dahil ang mga sundalong Amerikanong

ito ay tinuturuan ng Tagalog o Filipino para maging espiya sa mga Pilipino at sa bansang Pilipinas.

Minsan na rin akong naimbitahan na magtrabaho sa DLI bilang assistant professor ng Tagalog. Mas malaki ang suweldo kaysa sa tinatangap ko sa unibersidad na pinagtuturuan ko noon, at bukod doon, marami pang benepisyo. At dahil isa rin akong transleytor at manunulat, alam nilang malaki ang maitutulong ko sa programang Tagalog. Magagamit din nila ang kakayahan at kaalaman ko para sa mga gawaing pagsasalin.

Marahil sadyang may plano ang Diyos sa pagtuntong ko sa lupain ni Uncle Sam. Hindi Niya ninais magserbisyo ako sa mga Kano bagkus gusto niyang maging guro ako sa mga estudyanteng Pilipino na isinilang at lumaki sa Amerika para tulungan silang tuklasin ang pinag-ugatan ng kanilang angkan, makilala ang kanilang tunay na pagkatao, mapahalagahan ang pinagmulang kultura at tradisyon, at matutuhan ang wikang sumasagisag ng kanilang pagka-Pilipino. Nilikha rin ako na may matatas sa wikang Filipino at Ingles para matulungan ko ang mga kababayang Pilipino na maipagtanggol ang kanilang sarili laban sa anumang uri ng pang-aapi o diskriminasyon, na dahil sa kasalatan nila sa pagsasalita nang mahusay na wikang Ingles, marami ang patuloy na nagdaranas ng kahirapan at pagdurusa. Sa ganitong paraan, magsisilbi akong tulay at bibig ng pagkakaisa, pagtutulongan, at pagmamahalan.

Matagal na rin ako sa Amerika at ilang beses na rin ako nasabak sa gawaing interpreting o pagsasalin sa korte, sa ospital, at sa iba't ibang lugar. Sa mga ito, ang pagiging interpreter sa korte ang pinakamahirap at pinakamasalimuot. Subalit kadalasan, sa korte nangangailangan ng mas maraming interpreter at dito rin ang may pinakamataas na bayad. Kaya kahit sumusuko na ang isip at bibig ko, hindi ko pa rin pinalalampas ang bawat kasong ibinibigay sa akin para maging interpreter. At sa pagiging interpreter ko sa korte, iba't ibang istorya na rin ng buhay ng mga Pilipino sa Amerika ang nalaman ko. Natuklasan ko na laganap pa rin pala ang diskriminasyon at pagsasamantala sa bansang ito, at marami rin sa mga nagiging biktima nito'y mga kapwa ko Pilipino.

"Yes, I do..."

"Yes, your honor..."

"Wala akong ginawang mali..."

"I haven't done anything wrong...."

"Nagsasabi po ako ng totoo..."

"I'm telling the truth, Sir..."

"Nireyp po ako...siya po!"

"I was raped...him, Sir!"

"Galit po siya sa akin. Takot ako!"

"He's mad at me, Sir. I'm scared!"

Matamang pinakikinggan ko ang bawat salitang lumalabas sa bibig ng aking kliyente. Inuunawa ito ng aking isipan at isinasabibig sa wikang Ingles. Bagama't dama ko ang bawat sakit at poot sa kanyang mga salita, sinikap kong ilabas ang aking sarili sa pangyayaring kinasusuungan niya. Hindi ako dapat maimpluwensyahan ng

damdamin ninuman, bibig lamang ako ng aking kliyente at hindi ng kanyang damdamin o ng kanyang isipan, at lalo't hindi ng kanyang karanasan. Ito ang paulit-ulit kong ipinapaalala sa aking sarili sa tuwing nahaharap ako sa mga ganitong uri ng kaso. Subalit naiiba ang kasong ito, isang labindalawang gulang na batang babae, hinalay ng kanyang amaing Amerikano. Hindi raw isang beses lang... dalawa... tatlo...apat... hindi matandaan ng bata... ang tanging alam niya, maraming beses...At ang higit na nakasasakit ng loob, alam na pala ng kanyang ina, wala pa itong ginagawa. Dangan kasi'y walang gaanong pinag-aralan ang ina at tinatakot pang tatanggalan ng suportang pinansyal ng kinakasamang Amerikano. Mabuti na lamang ay may nagmalasakit na isang kaibigan, kungdi magpapatuloy ang ganoong kabuktutan.

Naging mahaba ang baliktaktakan, marami pang ebidensiya ang dapat na ilatag sa panig ng aking kliyente. Saglit na itinigil ang pag-uusap. Natapos na rin ang aking trabaho. Inilayo na ang batang babae sa lugar na iyon. Gusto ko pa sana siyang kausapin subalit hindi ako pinayagan ng kanyang abogado. Bagkus ipinabot niya sa akin ang mga reklamo ng hukom hinggil sa paraan ng aking pag-iinterpret. Hindi raw ako marunong dahil paulit-ulit akong tumitigil habang nagsasalita ang aking kliyente. Baka raw hindi ko naipahayag nang tama ang mga sinabi ng batang babae. Ipinaliwanag ko sa kanya na magkaiba ang estruktura ng Ingles sa Filipino. Karaniwan na ang isang maikling pahayag sa Ingles ay katumbas ng mahabang pangungusap sa Filipino. Ipinaunawa ko rin sa kanya na *interpreting* ang trabaho ko at hindi *translating*. Kailangan ko munang maunawaan ang diwa at konteksto ng isang pahayag para mabigyan ko ito ng tamang interpretasyon dahil ang wika ay may iba't ibang gamit at himig. Nagbabago ang kahulugan nito ayon sa ibat' ibang sitwasyon, gamit o layunin. Hindi na nagsalita ang abogado ng bata. Hindi ko alam kung naunawaan niya ang aking mga paliwanag o sadyang minabuti na lamang niyang manahimik dahil sa pagod. Ako rin, lubhang akong napagod sa mga oras na iyon. Hindi dahil sa pagsasalita.... sanay akong magsalita nang maraming oras sa klase. Ang dahilan marahil, hindi ko nagawang maihiwalay ang aking damdamin sa damdamin ng batang iyon. Ina rin kasi ako na may anak na babae. At habang umiiyak ang batang babae, nadudurog ang puso ko sa poot sa taong humalay sa kanya at matinding galit sa inang nagbaon sa kanya sa matinding paghihirap at pagdurusa.

Marahil kulang pa nga ako sa mga teorya at pagsasanay sa gawaing ito. Kailangan ko pa ng maraming karanasan para tumibay ang aking dibdib at maging manhid sa masasalimuot na kuwento ng buhay. At gaya ng madalas sabihin ng isang kong kaibigan, "Interpreter lang tayo, interpreter na walang damdamin... kaya dapat lahat ng salitang bibigkasin ng ating bibig ay nagmumula lamang sa ating isipan at hindi sa puso..."

Bumalik na ang hukom sa kanyang upuan. Ibang testigo naman ang ihaharap. Sinabihan ako ng abogado na maaari na raw akong umalis. Ipatatawag na lang daw kapag kailangan. Alam kong hindi ko na babalikan pa ang kasong iyon. Iyon na ang

huling araw ng paglilitis para sa kaso ng bata. Wala akong alam sa kung ano ang magiging hatol ng hukuman, subalit umaasa ako na magiging makatarungan ang batas ng Amerika at wala itong sasantuhin maging ito man ay lehitimong anak ng kanyang bayan. Gayunpaman, naroon pa rin ang aking pangamba. Masyado yata akong nakapasok sa istorya ng bata kaya parang inangkin ko na rin nang buo ang kanyang kaso. Pakiwari ko'y matatahimik lamang ako kung maparurusahan ang lalaking iyon.

Saglit na katahimikan... muli ko na namang pinaalalahanan ang aking sarili. Interpreter ka lang, interpreter na walang damdamin. Lahat ng salitang bibigkasin ng iyong bibig ay nagmumula lamang sa iyong isipan at hindi sa puso.

Hay... salamat, tila nabubunutan ako ng tinik sa dibdb sa tuwing makatatapos ng isang kaso. Ayoko na ng ganitong trabaho, masakit na sa ulo, masakit pa sa dibdib. Ganyan din ang madalas sabihin ng mga kaibigan kong interpreter sa korte. Subalit sadyang malakas ang tuksong dala ng dolyar kaya sino ba naman ang tatangi rito? Kaya kahit mahirap, pikit-matang tatanggapin na lamang. Sayang nga naman ang dolyar. Sadyang hindi madaling kumita ng pera sa Amerika. Kaya nasisiyuro kong baka sa isang linggo o sa susunod na mga buwan ay muli na naman kaming magkikita ng hukom na iyon. Baka naman sa mga oras na iyon, hindi na katulad ng kaso ng batang iyon ang hahawakan ko para naman maipakita ko sa kanya na may alam ako sa gawaing interpreting. Kabisado ko yata ang wikang Filipino dahil ito ang wika ng aking puso at isip.

Pagkalabas ko ng korte, sinalubong agad ako ng drayber ng kotseng sumundo sa akin sa unibersidad. Mabuti na lamang at wala akong klase sa araw na iyon kundi'y baka namuti na ang mga mata ng mga estudyante ko sa kahihintay sa akin. Dapat ay dalawang oras lamang ang iskedyul ko pero inabot ako ng apat at kalahating oras. Inihuli nila ang kaso namin sa hindi ko malamang dahilan. Sabi ay hinintay pa ang ibang mga testigo pero ang sapantaha ko'y sinadya nilang ilagay kami sa hulihan para maprotektahan ang paglitaw at pagbibigay-salaysay ng bata sa *court stand*. Napakarami kasing tao, labas-pasok, kahit sino puwedeng manood o makinig.

Habang sakay ako ng kotse pabalik sa unibersidad na aking pinagtuturuan, nakatanggap muli ako ng tawag tungkol sa susunod kong assignment. Aangal sana ako pero nang malaman kong sa ospital, hindi na ako nagtanong pa, mabilis kong tinanggap ang panibago kong assignment. Minsan na rin akong naging interpreter sa isang ospital, sa isang pasyenteng nagkaroon ng matinding depresyon. Isa siya sa mga kasong hindi ko malilimutan. Kung tutuusi'y hindi niya kailangan ang serbisyo ng isang interpreter. Nakapagsasalita siya ng mahusay na Ingles. Mas mahusay pa nga yata kaysa sa akin. Ang trabaho ko'y mapagsalita siya upang makapagdesisyon ang korte kung ilang araw siyang mananatili sa ospital. Sagot kasi ng kanilang health provider ang lahat ng gastusin sa ospital. Para siyang buhay na patay nang madatnan ko sa kanyang higaan. Kinakausap siya ng nars, inaalok ng pagkain subalit parang walang buhay ang kanyang kapaligiran, nakamulat nga ang mga mata pero nakatingin naman sa tila

kawalan. Marahil nayamot na ang nars kaya iniwan na lamang sa akin ang kanyang pagkain at mga gamot. Kailangang may laman daw ang kanyang tiyan bago uminom ng gamot. Ilang beses ko siyang kinausap sa Filipino subalit laging nakatikom ang kanyang bibig. Hindi ko alam kong naiintindihan niya ang sinasabi ko o baka naman sadyang wala siyang marinig dahil maraming alalahaning naglalaro sa kanyang isipan. Isang oras lang ang nakalagay sa kontrata ko sa araw na iyon. Iyon lang ang babayaran sa aking serbisyo. Mahigit isang oras na ang nakalilipas pero hindi ko pa naisasakatuparan ang aking misyon. Nakakulong pa rin siya sa kanyang sariling mundo. At sa pag-aakalang bigo akong mapagsalita siya, minabuti kong magpaalam na lamang sa kanya. Nabigla ako nang maramdaman ko ang mahigpit na hawak niya sa aking braso. Natuwa ako dahil waring nagbalik na siya sa daigdig ng realidad. Muli ko siyang kinausap, matagal siyang sumagot, pautal-utal at paiba-iba. Pinilit kong pag-ugnayin ang lahat ng kanyang salita para maintindihan ko siya pati na ang mga takot at pangambang naglalaro sa kanyang isipan. Lahat ito ay sinabi ko sa kanyang doktor at sa iba pang mga taong nakapaligid sa akin. Labis silang natuwa sa aking nagawa. Isang bagay na hindi nila kayang gawin dahil marahil sa magkaiba ang kanilang lahi. Labis din ang aking kagalakan, bukod sa napagsalita ko siya noong araw na iyon, nagawa ko pa siyang mapakain at mapainom ng gamot. Nangako akong babalik kinabukasan hindi bilang bahagi ng aking trabaho kundi bilang isang kaibigan. Subalit dahil naghahanda na ako noon para sa aking biyahe pauwi ng Pilipinas, hindi ko na siya nadalaw pang muli. Hindi ko na rin tinanggap ang bayad para sa aking serbisyo. Tama na ang kaligayahang naramdaman ko nang makita ko siyang nagsalita, ngumiti, kumain, at uminom ng kanyang gamot.

Bilang interpreter, maraming kaso na rin ang nahawakan ko. Iba-ibang kuwento, minsa'y nasa panig ako ng biktima at minsan nama'y nasa panig ako ng akusado, at madalas pa, ang magkatunggaling panig ay magkakamag-anak, magkakaibigan o kaya'y magkababayan. Kaya minsan, gustuhin ko man o hindi, nadadamay ako sa kanilang sigalot. "Trabaho po lamang," ang madalas kong sabihin sa kanila. Kaya sa tuwing matatapos na ang aking trabaho, lagi akong nagmamadaling makalabas ng bulwagan upang hindi mabigyan ng pagkakataon ang sinuman sa kanila na makalapit sa akin para ako'y makausap. Ngunit sadyang maliit ang mundo ng mga Pilipino sa Amerika, kaya madalas sa mga pagtitipon, nakikita kong muli ang mga taong nais kong layuan. At dahil nga magkababayan, kailangang makipagbeso-beso at makipag-chika-chika lalo na't nagkita't nagkakilala na kami minsan, kahit sabihin pang magkalaban ang aming panig. At kadalasan pa'y nagagamit na ekstensyon ng korte ang pagkikitang iyon. Muling binubuksan ang kanilang kaso sa harap ko, marahil para ipaalam sa akin ang kanilang panig o kaya'y sumbatan ako dahil nasa panig ako ng kanilang katunggali.

Naputol ang pag-iisip ko nang tumigil ang kotseng sinasakyan ko. Nasa tapat na kami ng gusali ng aking opisina. Bago ako bumaba ng kotse, ipinaalala ko sa drayber ang oras at araw ng pagsundo niya sa akin para sa susunod kong assignment. At

mabilis niya akong sinagot ng **“Yes, I do!”** na sinundan ko naman ng **“ Yes, your honor!”** at sabay kaming nagkatawanan.

Tungkol sa May-akda:

LETICIA C. PAGKALINAWAN

Assistant professor sa Department of Indo-Pacific Languages and Literatures ng University of Hawai'i at Mānoa. Nagtapos ng Doctor of Arts in Language and Literature De La Salle University, Manila, Philippines. Naging guro rin sa University of Michigan, University of Asia and the Pacific, University of Santo Tomas, at De La Salle University-Manila.